Australian Government

Job Services Australia
people • skills • jobs

Work Experience

Ang Work Experience (Karanasang Pantrabaho) ay maaaring magbigay sa iyo ng pagkakataong madagdagan ang iyong mga kasanayang pantrabaho at mapagbuti ang iyong mga pagkakataong makakita ng trabaho.

Ang mga Gawaing nauukol sa Work Experience ay maaaring magbigay sa iyo ng praktikal na mga paraan na makipag-ugnayan sa iyong komunidad at maipakita ang iyong mga kakayahan sa mga potensyal na mga tagapag-empleyo.

Ang karanasang pantrabaho ay tutulong sa iyo na:

- magpaunlad ng iyong mga kasanayan sa trabaho
- magpakita ng iyong mga kakayahan sa mga potensyal na tagapag-empleyo
- makakuha ng mga sertipikasyon
- makakilala ng mga bagong kontak sa trabaho
- makilahok sa may istrukturang pagsasanay
- manatiling konektado sa larangan ng trabaho.

Maaari kang lumahok sa Work Experience sa anumang oras. Kung ikaw ay nanatiling walang trabaho sa loob ng 12 buwan ikaw ay maaaring kailanganing lumahok sa isa o higit pang mga Gawaing nauukol sa Work Experience na tutulong sa iyo na magpaunlad ng mga kasanayan, at makaranas ng mga kapaligirang katulad ng trabaho. Aabisuhan ka ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia (Mga Serbisyong Pantrabaho sa Australia) kung kailan ka kailangang magsimula sa isang Gawaing nauukol sa Work Experience.

Kung hindi mo kayang lumahok sa anuman sa mga gawaing ito, ikaw ay maaaring lumahok sa mga programa o mga serbisyo upang matulungan kang mapagtagumpayan ang ibang mga balakid sa pagtatrabaho, katulad ng mga isyung pangkalusugan, kawalan ng tirahan o personal na mga kasanayan. Kung ikaw ay makikilahok sa mga serbisyong ito, ikaw ay maaaring hindi kailanganing gumawa ng karagdagang mga Gawaing nauukol sa Work Experience.

Sa ilalim ng Work Experience maaari mong pagsamahin ang mga gawain. Maaari ka ring lumahok kung minsan kung ano ang pinakanababagay sa iyong ibang mga pananagutan, katulad ng pag-aaral, bahaging oras o di-pirmihang trabaho, o mga tungkulin sa pagiging magulang.

Maaaring makakuha ng naibabagay na mga mapagpipiliang hanay ng mga gawain, kabilang ang pagtatrabaho bilang bahagi ng isang pangkat sa isang gawaing panggrupo, o pang-indibiduwal sa pamamagitan ng pagpupuwesto sa Gawaing nauukol sa Work Experience sa isang punong-abalang organisasyon.

Maaaring kabilang sa mga gawain ang:

- Mga gawaing nauukol sa Work for the Dole (kabilang ang mga gawaing nauukol sa Full-Time Work for the Dole)
- Mga gawaing pangkapaligiran ng Green Corps
- Bahaging oras na pag-aaral (sa pamamagitan ng Productivity Places Program (Programa para sa May Pakinabang na mga Pagpupuwesto) o ibang mga akreditadong bokasyonal na pagsasanay)
- Bahaging oras o di-pirmihang trabahong may bayad
- Mga gawaing nauukol sa Unpaid Work Experience Placement (Walang Bayad na Pagpupuwesto na nauukol sa Karanasang Pantrabaho)
- Mga gawaing nauukol sa Voluntary Work (Boluntaryong Trabaho) sa sektor ng komunidad
- walang bayad o may-bayad na trabaho sa isang pangsosyal na negosyo
- mga gawaing nauukol sa Drought Force (Puwersang nauukol sa Tagtuyot)
- Defence Force Reserves (Mga Reserba ng Puwersang Tanggulan)
- Mga programang pantrabaho o pagsasanay na pinangangasiwaan ng Pamahalaang Australia o mga programa o serbisyo ng pamahalaang Estado o Teritoryo na tumutugon sa mga balakid na hindi nauukol sa trabaho (kung saan naaangkop)
- Paglipat sa isang lugar na may mas mataas na mga posibilidad ng trabaho, kasunod ng masinsinang mga gawaing nauukol sa paghahanap ng trabaho.

Ikaw ay makikipagkita sa iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia upang talakayin ang ibat-ibang mapagpipiliang mga gawain na maaaring makuha sa iyong lugar. Mayroon kang hanggang anim na linggo mula sa pagkikitang ito upang pumili ng isang Gawaing nauukol sa Work Experience, o kombinasyon ng mga gawain. Kung ikaw ay hindi pumili ng isang gawain, ilalagay ka ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia sa gawaing nauukol sa Work for the Dole o Green Corps. Kung ikaw ay hindi karapat-dapat para sa mga gawaing ito, ilalagay ka naman sa ibang gawain.

Sino ang maaaring lumahok?

Ang mga naghahanap ng trabaho na nasa pagitan ng 18 at 49 na taong gulang na nakakumpleto ng tinatantiyang 12 buwan sa isang tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay dapat lumahok sa Work Experience Activity, o kombinasyon ng mga gawain, sa loob ng 26-na linggong panahon para sa bawat karagdagang 12 buwan na tumanggap sila ng mga serbisyo mula sa tagapgbigay-serbisyo ng Job Services Australia.

5FS09446JSA/tagalog

Ikaw ay hindi kinakailangang lumahok kung ikaw ay:

- may iksemsiyon sa Activity Test o sa mga pangangailangan sa pakikilahok
- nasa pagitan ng 15 hanggang 17 taong gulang
- isang bilanggong bago pa lamang palalayain
- nasa edad na 50 taon o mas mataas (maliban kung ikaw ay nasa pagitan ng 50 hanggang 59 na taong gulang na may pangangailangan para sa full-time na Activity Test at ipinapalagay ng iyong tagapagbigay-serbisyo na ikaw ay makikinabang mula sa Full-Time na Work for the Dole).

Gayunpaman, maaaring piliin ng sinumang naghahanap ng trabaho na mayroong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia at tumatanggap ng suporta sa kinikita na magboluntaryo upang lumahok sa isang Gawaing nauukol sa Work Experience na may kasunduan sa kanilang tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia.

Maaari din itong gawin ng mga naghahanap ng trabaho na kinakailangang magkumpleto ng isang Intensive Activity (Masinsinang Gawain o ng Compliance Activity (Gawaing nauukol sa Pagtupad) sa pamamagitan ng pakikilahok sa Gawaing nauukol sa Work Experience. Aabisuhan ka ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia kung ikaw ay kailangang lumahok sa isang Intensive Activity o Compliance Activity.

Ang iyong mga pananagutan

Kung ikaw ay tumatanggap ng Newstart, Youth Allowance (Panustos para sa Kabataan) o Parenting Payment (Kabayaran para sa Pagiging Magulang) at may mga pangangailangan sa pakikilahok, kakailanganin mong maghanap ng trabaho at makilahok sa mga gawain na makatutulong sa iyong makahanap ng trabaho.

Isasaalang-alang ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ang iyong personal na kalagayan at makikipagkasundo ukol sa angkop na mga gawain na isasama sa iyong Employment Pathway Plan.

Kung hindi ka maaaring makilahok sa mga gawain, dapat mo itong talakayin sa iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia. Kung ikaw ay mabigong maisakatuparan ang napagkasunduang mga gawain maaaring makaapekto ito sa iyong mga kabayarang pansuporta sa kinikita.

Ang iyong karapatan sa pagiging pribado

Ang iyong personal na impormasyon ay protektado ng *Batas sa Pagiging Pribado 1988 (Privacy Act 1988)* at ang impormasyon tungkol sa iyo ay maaari ding maging protektado ng *Batas ng Social Security (Pang-administrasyon) 1999 (Social Security (Administration) Act 1999)* (gaya halimbawa, kung ikaw ay tumatanggap ng suporta sa kita). Ang iyong impormasyon ay maaaring ibahagi sa pagitan ng mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia, ng Department of Education, Employment and Workplace Relations (DEEWR), Centrelink at iba pang mga kagawaran at kawanihan ng Pamahalaang Australia, na nagbibigay-daan upang ang mga organisasyon ay makapagbigay sa iyo sa pinakaangkop na mga serbisyo upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong pagiging pribado magtanong sa iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia, DEEWR o bisitahin ang **privacy.gov.au**.

Ang aming garantiya ng serbisyo para sa iyo

Garantiya ng Serbisyo

Ikaw ay patuloy na tatanggap ng personal na mga serbisyong pantrabaho na hatid ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia. Ang mga serbisyong ito ay naaangkop sa iyong mga kalagayan at pinagmulan. Upang makita ang lahat ng mga Garantiya ng Serbisyo bisitahin ang **deewr.gov.au/jobservicesaustralia**.

Mga Alituntunin ng Panunungkulan

Ang mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay kinontrata upang maghatid ng mga serbisyong pantrabaho na pinondohan ng Pamahalaang Australia at sumang-ayon at nakalaang tumupad sa Mga Alituntunin ng Panunungkulan ng mga Serbisyong Pantrabaho (Employment Services Code of Practice). Upang makita ang Mga Alituntunin ng Panunungkulan bisitahin ang **deewr.gov.au/jobservicesaustralia**.

Para sa karagdagang impormasyon

Tumawag sa 13 17 64 o bisitahin ang deewr.gov.au/jobservicesaustralia.